
# Pagsagot sa mga Tanong tungkol sa mga Patriarchal Blessing

Ibinahagi ni Pangulong Russell M. Nelson:



Mahalaga [ang patriarchal blessing]. Ito ay personal na banal na kasulatan para sa inyo. Ipinahahayag nito ang inyong espesyal na angkan. Ipinaaalala nito sa inyo ang inyong kaugnayan sa nakaraan. At tutulungan kayo nitong maunawaan ang inyong potensyal sa hinaharap. Talagang makukuha ninyo sa Panginoon ang katuparan ng mga pagpapalang iyon sa pamamagitan ng inyong katapatan. (Russell M. Nelson, "Thanks for the Covenant" [debosyonal sa Brigham Young University, Nob. 22, 1988], 5)

Pinatotohanan ni Elder Kazuhiko Yamashita ng Pitumpu:



Madalas at mapanalangin kong binabasa ang aking patriarchal blessing; lagi akong hinihikayat nito. Nauunawaan ko ang inaasahan sa akin ng Panginoon, at natulungan ako nitong magsisi at magpakumbaba. Kapag binabasa at pinagninilayan ko ito, ninanais kong mamuhay nang karapat-dapat upang matanggap ang mga pagpapalang ipinangako nito. . . .

. . . Pinatototohanan ko na ang Ama sa Langit at ang Kanyang Pinakamamahal at Bugtong na Anak, ang Panginoong Jesucristo, ay buhay. Mahal Nila tayo. Ang mga patriarchal blessing ay sagradong mga kaloob mula sa Kanila. Kapag natanggap ninyo ang inyong patriarchal blessing, matatanto at madarama ninyo kung gaano Nila kayo kamahal at kung gaano Sila nakatuon sa bawat isa sa inyo. (Kazuhiko Yamashita, "Kailan Tatanggap ng Inyong Patriarchal Blessing," *Liahona*, Mayo 2023, 90)

Ibinahagi ni Sister Bonnie H. Cordon, na dating Young Women General President:



Sa isang FSY conference, nakilala ko ang dalawang dalagita na nahihirapan. Binanggit nilang dalawa ang pagbaling sa kanilang patriarchal blessing para muling matuklasan ang personal na pagmamahal at patnubay ng Panginoon sa kanila. Hanapin ang patriarchal blessing ninyo, hipan ninyo ang mga alikabok nito kung kailangan, at palagi itong pag-aralan. Kung wala pa kayo nito, kumuha na kayo—kaagad. Huwag ipagpaliban ang pagtuklas sa gustong sabihin ng Panginoon tungkol sa kung sino kayo. (Bonnie H. Cordon, "Lumapit kay Cristo at Huwag Lumapit nang Nag-iisa," *Liahona*, Nob. 2021, 10)

ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW

© 2024 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. PD80007812_893_555-1